1 TAON SA SENADO
ESPESYAL NA EDISYON

# BALITANG WIN

Isyu 2 | Hulyo 2017 www.WinGatchalian.com | WinGatchalian74



## BUHAY SA SENADO

Ang bilis nga naman ng panahon, sa isang iglap, isang taon na pala ang lumipas. Nagsimula ang pagbuo ng aking mga pangarap sa Lungsod ng Valenzuela bilang Kongresista at Punong Lungsod, at naghangad na mapaunlad ang antas ng pamumuhay at kalagayan ng siyudad para sa mga naninirahan at nagnenegosyo rito. Ngayon, pribilehiyo kong maituturing na makapaglingkod sa ating mga kababayan mula Luzon, Visayas hanggang Mindanao bilang isang senador.

Sa aking pagbabalik-tanaw, hindi ko mapagtanto kung gaano kabilis tumatakbo ang oras nang ako ay umupo sa aking opisina sa Senado sa unang pagkakataon, habang nakikinig o naghahayag ng talumpati sa plenaryo sa Unang Regular na Sesyon ng ika-17 na Kongreso, nagpapangasiwa at dumadalo sa mga pagdinig, o dumadalo sa mga speaking engagement mula sa paanyaya ng iba't ibang organisasyon o lokal na pamahalaan.

Unang beses kong pinirmahan at isinumite sa Senado ang ilan sa aking prayoridad na mga panukalang batas tulad ng "Free Higher Education Act," "Proof-of-Parking Space Act," "Nutri-Skwela Act of 2016," at "The Continuing Education for Teachers Act." Ngayon, patuloy ang paglawak ng aking kaalaman at pagyabong ng karanasan na nagsisilbing tugon sa pag-akda ng iba at mas marami pang mga panukala.

Sa pagdaan ng mga araw, linggo, at buwan, nadagdagan ito nang nadagdagan hanggang sa kasalukuyan ay mayroon nang isinumiteng 74 panukalang batas kung saan ang inyong lingkod ang pangunahing may-akda, 13 resolusyon, at pitong panukalang batas na iniakda ng mga kapwa-senador kung saan ako naman ay katuwang.

Para bang kahapon lang nang una kong maramdaman ang magkahalong sabik at kaba habang tinututukang matupad ang pangarap na maisakatuparan ang panukalang batas na naglalayong gawing libre ang edukasyon ng mga kolehiyo sa buong bansa. Halos hindi kapansin-pansin na sa aking unang taon sa Senado, malaki ang naging progreso sa kauna-unahang panukalang aking inihain na Free Higher Education Act.

Hindi maitatago ang tuwa nang maipasa na ito sa nasabing institusyon, at mas tumindi pa ang galak na aking naramdaman sa pagsuporta ng iba pang mambabatas para sa adhikaing ito. Ngayong pirma na lamang ng Pangulong Rodrigo Duterte ang hinihintay, malapit nang mapakinabangan ng mas nakararaming kabataang Pilipino ang libreng edukasyon para sa lahat.

Sa haba ng aking paglalakbay, maraming kaganapan ang nangyari, maraming kaalaman at impormasyon ang nakalap, at maraming aral na natutunan. Umpisa pa lamang ito ng aking panunungkulan at marami pa ang dapat gawin para matugunan ang inyong mga pangangailangan.

Sa Ikalawang Regular na Sesyon na opisyal na nagsimula ngayong buwan ng Hulyo, panibagong taon na naman ang tatahakin. Bagong mga ideya at karanasan ang nakaabang upang makagawa ng mga kakailanganin pang batas para sa mas progresibong ekonomiya, at mas matatag at sulit na kuryente para sa bawat kabahayan ng ating pamilya.

Kung hindi dahil sa inyong tiwala, dasal, at suporta, tiyak nananatiling hanggang pangarap na lang ang mga hangarin ko para sa bayan. Patuloy lang po ang mga nasimulan sa nagdaang taon at tatrabahuhin pa ang mga sisimulan pa lang na adhikain.

Higit sa lahat, pagsisikapan pa nang husto ang trabaho ng isang mambabatas para sa anumang pagsubok ang dumating, hindi tayo magpapatinag.

Maraming salamat sa isang taong nagdaan at sa mga susunod pang taon na kayo ay aking makakasama.

*Senator Win Gatchalian*

# ISANG TAON SA SENADO







## HULYO - AGOSTO

1 Panunumpa sa sambayanan sa harap ng mga kababayan sa Lungsod Valenzuela, Hunyo 30, bilang isang ganap na halal na senador ng Republika ng Pilipinas.

2 Sa pagbubukas ng Unang Regular na Sesyon ng ika-17 na Kongreso, Hulyo 25, inatasan si Senator Win ng Mataas na Kapulungan bilang chairman ng Committees on Energy at ng Economic Affairs.

3 Sa unang linggo sa Senado, isinumite ni Senator Win ang isa sa kanyang priority bills, ang Free Higher Education Act, Hulyo 27.

4 Panauhin sa selebrasyon ng Police Community Relations Month sa Camp Crame, Lungsod Quezon, Agosto 22, at kinilala ang kanyang "invaluable continuing services, support and contributions provided and as institutional partner of the PNP."

5 Pakikipagdayalogo sa sektor ng Persons With Disabilities (PWD), Hulyo 27. Isinusulong din ni Senator Win ang Inclusive Education Bill for Special Needs Children.








## SETYEMBRE - OKTUBRE

1 Matapos ang mga konsultasyon bilang chairman ng Committee on Energy, inihayag sa 1st Philippine Clean Energy Summit sa Lungsod Pasay, Okt. 13, na napakalaking sagabal sa pagpapatayo ng mga bagong planta ng kuryente ang red tape at mabagal na pagproseso ng mga permit.


2 Kasama sina Pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang pagbisita sa China, kabilang na si Valenzuela City Rep. Wes Gatchalian at iba pang mga opisyal at mga kinatawan ng iba't ibang sektor, Okt. 21.

3 Hearing ng Committee on Finance, Set. 7, kasama ang iba pang mga senador upang pag-usapan ang ilang bahagi ng panukalang pambansang badyet ng taong 2017.

4 Pagbisita sa ipinatayong Bataan Nuclear Power Plant noong 1980s na hindi nagamit kailanman, Set. 16. Sinabi ni Senator Win na kailangan ang isang "national nuclear policy" bago ipursige ng bansa ang nuclear energy.

5 Kasama si Committee on Cooperatives chair Sen. Migz Zubiri, dinala ang pagdinig ng Senado sa Lungsod Cagayan de Oro, Okt. 8, upang personal na mapag-usapan at hanapan ng solusyon ang suliranin sa kuryente na kinaharap ng ilang bahagi ng Hilagang Mindanao.







## NOBYEMBRE - DISYEMBRE

1 Sa pagbisita sa Kapitolyo ng Cagayan, personal na kinumusta ang kalagayan ng probinsya at ng rehiyon matapos ang matinding pananalasa ng Bagyong Lawin. Ipinaabot din ng senador ang pinansyal na tulong ng Lungsod Valenzuela para sa pagsasaayos ng mga pinsala, Nob. 12.

2 Ipinasa ng Senado ang panukalang 2017 pambansang badyet kung saan kabilang sa inilaang P3.35 trilyon ang alokasyong ₱8.3 bilyon bilang pondo sa libreng matrikula sa state colleges and universities (SUCs), Nob. 17.

3 Kinumusta ang Maria Cristina Falls Hydroelectric Power Plant sa Lungsod Iligan, pangunahing pinagkukunan ng kuryente ng Mindanao, Nob. 26.

4 Pagdinig ng Senado sa umano'y extrajudicial killing (EJK) kay Albuera, Leyte Mayor Rolando Espinosa, Sr. habang nakapiit dahil sa mga kasong may kaugnayan diumano sa droga, armas, at pagpatay, Nob. 10.

5 Nakikibahagi si Senator Win sa paghimay ng Senado sa panukalang 2017 badyet ng Dept. of Energy, Nob. 17. Nagpanukala din ang senador na maglaan ng espesyal na pondo ang gobyerno para sa pagsasaayos ng mga linya ng kuryente matapos ang mga kalamidad.

# *Mga karanasan at kaalamang nakalap sa loob at labas ng bansa sa unang taon ni Senator Win*












## ENERO - PEBRERO

1 Ang pagdalaw ni Senator Win sa mga nasunugan sa Tonsuya, Malabon City upang ipaabot ang pakikiramay at tulong mula sa Lungsod Valenzuela, Peb. 19.

2 Kasama sa Lungsod Davao ang mga alkalde mula sa Compostela Valley, Valenzuela City Mayor Rex Gatchalian at Dr. Nene Guevara, presidente ng Synergeia Foundation, Enero 12, layon nila na iangat pa ang antas ng kalidad ng basic education sa bansa.

3 Pakikipag-ugnayan ng Senado kay CHED chairman Patricia Licuanan, Enero 23, sa pagdinig ng panukalang pag-abolish ng matrikula sa lahat ng state universities at colleges sa bansa.

4 Bilang panauhin sa ROTC Program Corps Commanders' Summit and Senior Reservist Commanders' Conference sa Camp Aguinaldo, Lungsod Quezon, Peb. 22. Isinusulong ni Senator Win ang pagpapanumbalik ng ROTC bilang mandatory sa kolehiyo.

5 Ipinakilala sa isang press conference ang "Seatmates" na kinabibilangan nina Senators Win, Angara, Ejercito, Villanueva at Zubiri, Peb. 27. Kasama din sa larawan sina Senate President Koko Pimentel at Sen. Loren Legarda.











## MARSO - ABRIL

1 Nagdiriwang sina Senator Win, Committee on Education chair Senator Bam Aquino at Committee on Finance vice chair Sonny Angara matapos aprubahan ng Senado ang Universal Access to Quality Tertiary Education, Marso 13.

2 Nagtatalumpati si Senator Win sa ginanap na general assembly ng Negros Occidental Electric Cooperative (Noceco) sa Lungsod Kabankalan, Marso 24. Daan ito upang makaugnayan niya ang mga electric cooperative na siyang distributor ng kuryente sa mga probinsya at stakeholders nito.

3 Pagbisita sa platform ng Malampaya Deep Water Gas-to-Power project sa West Philippine Sea na nasa hilagang kanluran ng Palawan. Patunay ang pasilidad sa kakayahan ng mga Filipino na magpatakbo ng mga kumplikado at modernong proyekto sa enerhiya, Marso 18.

4 Sa pagdinig ng Senado sa panukalang Benham Rise Development Authority, napukaw ang atensyon ng publiko sa bagong teritoryo ng Pilipinas dahil sa pag-survey umano ng isang barko ng China. Ipinapakita ni National Security Adviser Hermogenes Esperon, Jr. sa Senado ang ruta ng barko sa silangang Luzon, Marso 29.

5 Binabati ni Senator Win ang isang nagtapos sa University of Bohol sa Tagbilaran City, Marso 21.











## MAYO - HUNYO

1 Kasama ang ilang kapwa-mambabatas, dinalaw ni Senator Win ang Luxembourg Palace sa Paris na siyang nagsisilbing Senado ng France. Nakaugnayan din nila ang kanilang mga kapilas sa pagbalangkas ng mga pambansang polisiya at batas, Hunyo 28.

2 Sa pagdeklara ni Pangulong Duterte ng martial law sa Mindanao bunsod ng pagsalakay ng grupong Maute sa Lungsod Marawi, tinalakay ng Senado ang isyu at pinaboran ito sa botong 17-5, Mayo 30.

3 Sa paanyaya ng mga opisyal ng Germany, muling lumipad patungong Berlin, si Senator Win, Hunyo 19, upang usisain ang sektor ng renewable energy ng nasabing bansa. Kasama rin niya rito sina Energy Sec. Alfonso Cusi (gitna) at House Committee on Energy chairman Marinduque Rep. Lord Allan Jay Velasco (dulong kanan).

4 Nagpaabot ng tulong mula Lungsod Valenzuela si Senator Win para sa mga "bakwit" o mga residenteng lumikas mula sa kaguluhang nagaganap hanggang ngayon sa kanilang bayan sa Lungsod Marawi, Hunyo 5.

5 Kinumusta rin niya ang sitwasyon ng lokal na pamahalaan, mga institusyon at ng mga evacuee at nagpanukala ng isang komprehensibong plano ng pagsasaayos ng naturang lungsod.

# Para sa simple at komportableng buhay



Ang magkaroon ng magandang trabaho; maluwag, malinis, at ligtas na mga kalsada; walang perwisyo dala ng mabigat na daloy ng trapiko; murang halaga ng kuryente; maranasan ng mga kabataan ang karapatang makapag-aral ng walang bayad; makakain ng masustansyang pagkain sa eskuwela ang mga bata; at mabilis na pagproseso ng mga dokumento. Ilan lamang ito sa hinahangad ng pamilyang Filipino para sa hinaharap, ayon sa isang pag-aaral ng pamahalaan.

Sa pag-aakda ng mga panukalang batas ni Senator Win, inspirasyon niya ang mga karanasan, obserbasyon, at impormasyon na kanyang nakakalap mula sa mga ordinaryong mamamayan at opisyal ng gobyerno sa iba't ibang lugar na kanyang binibisita. Nagbibigay-daan ito upang mapag-aralan niya nang husto ang mga isyu at hanapan ng lunas ang mga problemang kinahaharap ng lipunan.

Layon niya ito upang makapag-ambag ng kontribusyon na makamit ng pamilyang Filipino ang pangarap na simple at komportableng buhay. Gaya ng karamihan sa atin, asam din niya ang bansang may matatag, maginhawa, at panatag na pamumuhay.

Para sa simple at komportableng buhay ng bawat pamilya, nag-aakda ang mga mambabatas tulad ni Senator Win ng mga panukalang batas upang makamit ito.

Makikita ang tsart sa ibaba ng bilang ng kanyang mga inihaing Authorship, Co-Authorship, at Resolution mula Hulyo 2016 hanggang Hulyo 2017.

Para sa mas komprehensibong detalye ng bawat lehislasyong kanyang iniakda, maaaring bisitahin ang lahat ng ito sa **www.WinGatchalian.com/legislation.**

**0** ABSENCES — **85 SESSION DAYS PRESENT**
**4 OFFICIAL MISSION TRIPS**
JULY 25, 2016 – MAY 31, 2017

**88** — **TOTAL NUMBER OF PUBLIC HEARINGS, MEETINGS, BICAMERALS ATTENDED**
AUGUST 9, 2016 – JULY 6, 2017

**26** — **TOTAL NUMBER OF COMMITTEE ON ENERGY PUBLIC HEARINGS AND TECHNICAL WORKING GROUP MEETINGS CONDUCTED**
AUGUST 16, 2016 – MAY 31, 2017

**13** — **TOTAL NUMBER OF COMMITTEE ON ECONOMIC AFFAIRS PUBLIC HEARINGS AND TECHNICAL WORKING GROUP MEETINGS CONDUCTED**
SEPTEMBER 8, 2016 - JULY 17, 2017

**17TH CONGRESS - 1ST REGULAR SESSION TOTAL BILLS AND RESOLUTIONS FILED**
JULY 2016 - JULY 2017

**74** AUTHORSHIPS
**7** CO-AUTHORSHIPS
**13** RESOLUTIONS

Hindi man kabilang sa kanyang tipikal na tungkulin at mabusising gawain sa Senado bilang isang mambabatas, personal na hangarin ni Senator Win na makapaglaan pa rin siya ng oras, kaakibat ang mga tauhan ng kanyang Tanggapan, sa mga kababayang nangangailangan ng dagliang tulong pangkalusugan o pampinansyal.

Sa pamamagitan ng kanilang pagpapangasiwa ng mga scholarship o educational assistance, medical assistance, medical mission, at pakikipagtulungan sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) at Department of Health (DOH) upang iendorso ang mga liham pangmedikal, burol, ay nakakapag-abot sila ng munting ayuda sa mga kababayan nating may pangangailangan.

Hangga't posible at hangga't kakayanin, gagawa ng daan ang Tanggapan ni Senator Win upang maibahagi ang anumang tulong na maaaring maipaabot.

Narito ang listahan ng kabuuang bilang ng mga benepisyaryo ng Tanggapan ni Senator Win:

**SCHOLARSHIP/EDUCATIONAL ASSISTANCE**
S.Y. 2014 - 2018
**BILANG NG MGA BENEPISYARYO**
**5039**

**MEDICAL ASSISTANCE (DOH)**
July 1, 2016 - July 1, 2017
**BILANG NG MGA BENEPISYARYO**
**7613**

**DSWD REFERRALS** (MEDICAL, BURIAL, ENDORSEMENT LETTERS)
July 1, 2016 - July 1, 2017
**BILANG NG MGA BENEPISYARYO**
**2318**

## MEDICAL OPERATIONS

*Sa pakikipagtulungan sa Manila Doctors Hospital at Philippine Band of Mercy Hospital
**June 30, 2017**

| | BILANG NG MGA BENEPISYARYO |
|---|---|
| Gallbladder Patients | 26 |
| Cataract Patients | 13 |
| Goiter Patients | 3 |
| Fractured Face | 3 |
| Gastrointestinal Disease | 2 |
| Hernia Patients | 10 |
| TOTAL | 57 |

## MEDICAL MISSIONS

**Rizal, Cagayan Province**
**April 8, 2017**

| Serbisyo | BILANG NG MGA BENEPISYARYO |
|---|---|
| Ophthalmology | 309 |
| Obstetrician-Gynecology | 18 |
| Internal Medicine | 485 |
| Dental | 119 |
| Pediatrics | 156 |
| Surgery | 39 |
| TOTAL | 1126 |

**Doña Remedios Trinidad, Bulacan**
**July 29-30, 2016**

| Serbisyo | BILANG NG MGA BENEPISYARYO |
|---|---|
| Ophthalmology | 812 |
| Obstetrician-Gynecology | 75 |
| Pediatrics | 1200 |
| Dental | 200 |
| Internal Medicine | 463 |
| Family Medicine | 428 |
| Dermatology | 62 |
| Surgery | 117 |
| Ears, Nose, Throat | 131 |
| Minor Surgery | 72 |
| TOTAL | 3560 |

Ang **BALITANGWIN** ay inilalathala ng **Tanggapan ni Senator Win Gatchalian** na matatagpuan sa Senate of the Philippines, Rm. 512, GSIS Building, J.W. Diokno Blvd., Pasay City, 1300, Philippines.
**Media Affairs and Communications Unit:** Ahna Khristina F. Mejia | Mark Lester S. Cayabyab | Christine Allaine B. Dumaplin | Justine Leigh D.Castañeda

**Office of Senator Win Gatchalian**
(02) 551 9223
**Policy and Research**
(02) 865 1655
**Media Affairs and Communications**
(02) 865 1938
**Administration and Finance**
(02) 552 6601 loc. 8571
**Legislative Affairs**
(02) 835 9316
**Political Affairs and Constituent Services**
(02) 551 9397 | (02) 552 6601 loc. 8622
**WIN Action Center**
(02) 352 0549
**Email: email@wingatchalian.com**